～Latha Ngayong Hulyo ng Taong 2026～

# Newsletter para sa Kapakanan ng mga Consumers

Regular na ipanapa-alala sa newsletter na ito ang pinakamadalas na naiulat na mga problema ng consumer, gaya ng mga kahirapan sa pamimili.

**Tema**
Mga Suliranin sa Pagbili ng Lumang Sasakyan

## Mag-ingat sa mga Suliranin na Idudulot ng Pagbili ng Lumang Sasakyan



Mula sa Koleksyon ng mga Ilustrasyon ng Consumer Affairs Agency

Nakakita ako ng 2nd hand car na nagustuhan ko sa isang used car dealer. Nang tanungin ko ang tungkol sa kondisyon nito, sinabi nila na, "Walang problema sa pagmamaneho, at ito ay nasa mayos na kondisyon," kaya binili ko ito. Subalit, nang ini-start ko ang makina pagkatapos ihatid, gumawa ito ng hindi pangkaraniwang malakas na ingay. Walang binanggit ang salesperson tungkol sa kundisyong ito. Nang pinatingnan ko ito sa isang repair shop, nakakita sila ng iba pang mga problema at sinabing hindi ito papasa sa inspeksyon. Ano ang dapat kong gawin?

## Upang maiwasan ang mga ganitong uri ng problema.

- Suriin kung ang mga sumusunod na impormasyon ay ipinapakita:Ang presyo, istado ng warranty, tiyakin din kung ginawa ang inspekyon at maintenance, kung ilan na ang natakbo nito at kung ang sasakyan ay may mga ginawa ng pagkukumpuni dito.
- Bago pumirma ng kontrata, i-start muna ang makina at kung maaari, i-test drive ito upang lalo pang masuri ang totoong kundisyon ng sasakyan.
- Kumuha muna ng quotation at suriing mabuti ang halaga at iba pang detalye.
- Kung may depekto na hindi maituturing na normal na pagkasira at hindi ito ipinaliwanag sa pagpirma ng kontrata, maaari kang humiling ng libreng pag-aayos mula sa seller. Higit pa rito, kung imposibleng ayusin, maaari nang ikansel ang kontrata at pagbili nito.

==============================================

## Tochigi City Consumer Affairs Center

Pangalawang Palapag ng Main Building ng City Hall sa Citizen's Livelihood Section
Bukas mula Lunes hanggang Huwebes(Sarado sa Sabado, Linggo, National Holidays, Year Ends at New Year Holidays)
Bukas mula 9:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali at mula 1:00 hanggang 4:00 ng hapon (※)
(※) Sa mga bagong kukunsulta ay tatanggapin lamang hanggang 3:00 ng hapon.

**Numero ng Telepono: 0282-23-8899**



Mascot Character ng Lungsod ng Tochigi-Tochisuke

Kung mayroon anumang mga problema, mangyaring kumonsulta sa iyong lokal na Consumer Affairs Center